

As expected, the readings for this institutional mass in honor of our Holy Father Santo Domingo de Guzman all pertain to PREACHING. As stated in our new mission statement, we are Colegio de San Juan de Letran. We are a Catholic School committed to DOMINICAN PREACHING THROUGH EDUCATION. We are Letran. We are Dominicans. We are Preachers. This is our feastday!

Sa unang pagbasa, hango sa aklat ni propeta Isaias, pinapurihan ang gawa ng pagpapahayag sa pamamagitan ng pagpuna sa kagandahan ng kanyang paa. Opo, ang paa ng preacher ay maganda! Bakit paa? Dahil ang pagpapahayag ng ebanghelyo ay hindi lang tungkol sa buka ng bibig, hindi lang tungkol sa salitang binibigkas, bagkus tungkol sa paglalakbay na tinatahak ng tagapagpahayag para maiparating ito. As preachers, we walk our talk. What we say, we do.

At dito sa Letran, ganoon nga ang dapat nating gawin. Kung nais nating maging REPUTABLE SCHOOL OF QUALITY EDUCATION; pues, itaas natin ang ating awareness, efforts, standards – sa pagtuturo at pag-aaral, sa pananaliksik, sa paglilingkod sa sambayanan, sa anumang ginagawa natin at sinasabi natin bilang Letranista, bilang Dominicans, bilang mga preachers, with beautiful words and beautiful feet.

Sa ikalawang pagbasa, iniutos ni San Pablo kay Timoteo, PREACH THE WORD, ipangalat ang Salita. Pero kapansin-pansin ang binanggit ni Pablo na maaari natin ilapat sa konteksto natin ngayon:

“For the time will come when people will not tolerate sound doctrine, but following their own desires, will surround themselves with teachers who tickle their ears. They will stop listening to the truth and will wander off to fables...”

Darating ang panahon, hindi na kikiling ang mga tao sa tamang doctrina, hindi na makikinig sa katotohanan, ngunit babaling na sa mga pabula, sa mga pambobola, sa mga pekeng balita...

Pero, walang paaralan ang magtuturo sa inyo ng kasinungalingan; hindi kayo pumapasok sa Letran para matutuhan ang mali at masama, HINDI. Hindi man tayo kasing-dami, kasing-laki, kasing-yaman ng ibang eskuwelahan, pero may dangal tayo, marangal tayo. Hindi tayo manloloko; hindi tayo mandaraya; hindi tayo gagawa ng masama para lang makalamang sa iba. Ang Ebanghelyong ating pinapahayag ay pawang KATOTOHANAN lamang. Kahit masakit, kahit makasakit, TOTOO LAMANG! Letranista. Dominicans. Preachers.

Sa ebanghelyo, ang pinili kong basahin ay hango kay San Lukas, patungkol sa pagsusugo ng karagdagang pitumpu't dalawa. Si San Lukas lang ang nag-ulat niyan, dahil kinikilala niya hindi lang ang gawa ng orihinal na labindalawa, kundi ng sambayanang Kristiyano na dahan-dahang lumalago, unti-unting dumarami. At isa lang ang kanilang pahayag: NARITO NA ANG KAHARIAN NG DIYOS!

Mag-aapat na raang taon na ang Letran. Simula't sapul, malinaw nating pahayag: DEUS! Una ang Diyos palagi; at sa Kanya rin tayo uuwi pagkatapos. Sa marami nating alumni, sa inyong lahat na kaisa natin sa misyon ng pagpapahayag, ito pa rin at palagi ang ating mensahe: DEUS!

Kaya, sa pistang ito ni Santo Domingo, hinihimok at hinahamon ko kayo, sa salita at sa gawa natin, sa buhay natin, sa pagiging Letranista, sa pagiging Dominicans natin, VADE PRAEDICA, GO PREACH, HUMAYO MAGPAHAYAG! Santo Domingo de Guzman, ipanalangin mo kami.